# COUNTY OF LOS ANGELES DEPARTMENT OF MEDICAL EXAMINER

1104 NORTH MISSION ROAD, LOS ANGELES, CA 90033
(323) 343-0512: L-B, 8 a.m. - 5 p.m., (Maliban sa Mga Pista Opisyal ng County)
(323) 343-0714: (24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo)
me.lacounty.gov    info@me.lacounty.gov

*Ipinapabatid namin ang aming taos-pusong pakikiramay sa iyo at sa iyong pamilya sa pagkawala ng inyong mahal sa buhay. Umaasa kami na ang impormasyong ito ay makakatulong sa inyong kalungkutan at upang masagot ang mga tanong tungkol sa proseso ng pagsusuri ng katawan at ang katungkulan ng Medical Examiner.*

**Tungkulin ng Kagawaran ng Medical Examiner:**
Ang Department of Medical Examiner ay isang independiyenteng entidad, na hiwalay sa anumang ahensyang nagpapatupad ng batas. Sinusuri namin ang mga pagkamatay na nangyayari sa loob ng County ng Los Angeles na biglaan, hindi inaasahan, o marahas, o kapag ang namatay ay hindi nakita kamakailan lang ng isang doktor (Government Code ng California, Section 27491). Gamit ang forensic na imbetigasyon at siyentipikong paraan, nag-aalok kami ng walang pinapanigan na pagtukoy ng sanhi at paraan ng kamatayan.

**Pagkilala sa Iyong Mahal sa Buhay:**
Ang pagkilala sa visual na paraan ay isinasagawa sa lokasyon ng kamatayan sa pamamagitan ng paghahambing ng imbestigador gamit ang ID. Sa ilang kaso, ang positibong pagtukoy ay maaaring mangailangan ng mga karagdagang prosesong forensic tulad ng paghahambing ng fingerprint, dental o x-ray, mga medikal na implant o device, DNA, o antropolohiya. **Hindi kami nagbibigay ng mga serbisyo sa pagsilip sa bangkay. Mangyaring makipag-ugnayan sa direktor ng punerarya para sa mga opsyon sa pagtingin sa bangkay sa punerarya.**

**Pagsusuri ng Katawan:**
Ang deputy medical examiner ay nagsasagawa ng pagsusuri ng katawan at pinag-aaralan ang mga pangyayari at kasaysayang medikal upang matukoy ang sanhi at paraan ng pagkamatay. Ang mga maliliit na specimen (mga biopsy) ng mga panloob na organ, at ang mga sample ng mga likido sa katawan (body fluids) ay maaaring itabi at suriin para sa mga gamot/droga at iba pa. Paminsan-minsan, ang malalaking bahagi ng mga tisyu, o kahit na buong mga organ, ay maaaring itabi para sa karagdagan o espesyal na pagsusuri, kung kinakailangan. Sa ilang kaso, ang internal na pagsusuri ay hindi kinakailangan upang matukoy ang sanhi at paraan ng pagkamatay.

**Maaari itong tumagal ng ilang linggo, o mas matagal pa, para matukoy ang sanhi ng kamatayan batay sa impormasyong nakalap sa panahon ng forensic na imbestigasyon sa pagkamatay at kung kinakailangan ang mga espesyal na pag-aaral sa laboratoryo.** Ang mga pagkaantala na ito ay hindi dapat humadlang sa pagbibigay ng katawan sa legal na kamag-anak para bigyang-daan ang huling disposisyon. Bilang karagdagan sa pagtulong sa pagtukoy ng sanhi ng kamatayan, ang mga resultang ito ay maaaring maging mahalaga sa mga sibil o kriminal na kaso ng hukuman.

**Postmortem Toxicology Testing:**
Ang pagsusuri sa toxicology ng namatay ay isang maraming hakbang at madalas ay kumplikadong proseso, hindi isang pagsusuri na isang instrumento lang ang gamit tulad ng nakikita sa klinikal na setting. Ang mga sample ng namatay ay nangangailangan ng mga hakbang sa pagkuha para maghanda ng sample na susuriin sa isang instrumento. Ang bawat klase ng gamot ay maaaring mangailangan ng paggamit ng maraming instrumento para subukan ang sample. Kung mas maraming gamot ang matatagpuan sa sistema ng isang namatay, mas tumatagal ang pagsusuri. Ito ang karaniwang proseso para sa lahat ng forensic na pagsusuri sa toxicology ng namatay. **Ang layunin ng Departamento ay kumpletuhin ang pagsusuri sa loob ng 90 araw.** Dapat tandaan na hindi lahat ng kaso ay mangangailangan ng pagsusuri sa toxicology. Ang pangangailangan para sa pagsusuri ay tinutukoy ng deputy medical examiner.

**Relihiyosong Pagtutol sa Autopsy:**
Tinutukoy ng mga deputy medical examiner ang pangangailangan para sa autopsy. Mangyaring makipag-ugnayan kaagad sa imbestigador kung sa tingin mo ay salungat ito sa relihiyosong paniniwala ng namatay at tututol sa autopsy. Makikipagtulungan kami sa iyo para subukang matugunan ang iyong mga kagustuhan, basta't matupad namin ang aming mga legal na obligasyon (Government Code ng California, Section 27491.3).

**Ari-arian ng Yumao:**
Maaaring kunin ng legal na kamag-anak ang karamihan sa mga personal na pag-aari ng isang namatay sa aming kustodiya. Ang legal na kamag-anak ay ang pinakamalapit na kamag-anak ng namatay – kung may asawa, ang asawa o kapartner sa tahanan; kung walang asawa, mga anak na nasa hustong gulang, o mga nabubuhay na magulang, o ang pinakamalapit na kamag-anak sa dugo, ayon sa Batas ng Estado ng California, maliban kung tinukoy sa isang legal na dokumento, tulad ng isang testamento. Ang mga dokumento ng gobyerno, tulad ng mga lisensya sa pagmamaneho at mga pasaporte, ay kailangang ibalik sa ahensyang nagbigay para sa disposisyon para maiwasan ang pagnanakaw ng pagkakakilanlan. Para kunin ang ari-arian ng namatay, mangyaring bisitahin ang Department of Medical Examiner sa 1104 N. Mission Rd., Los Angeles, Lunes hanggang Biyernes, mula 9 a.m. hanggang 4 p.m., maliban sa mga pista opisyal ng County. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tawagan ang Property Section sa (323) 343-0515.

**Mga Panghuling Ulat:**
Ang mga panghuling ulat ay ang mga dokumentong nagpapaliwanag kung bakit namatay ang isang tao. Ang pagtukoy ng sanhi at paraan ng pagkamatay ay maaaring tumagal nang ilang araw hanggang ilang buwan depende sa mga kaganapan na pumapaligid sa pagkamatay. **Hindi kami awtomatikong nakikipag-ugnayan sa mga pinakamalapit na legal na kamag-anak upang ibigay ang mga resulta ng aming pagsisiyasat dahil batid namin na maaaring hindi mo gustong talakayin ang sanhi ng pagkamatay.** Kung gusto mong talakayin ang mga resulta, mangyaring tawagan kami sa (323) 343-0520 upang mag-iskedyul ng appointment sa isang deputy medical examiner na maaaring magtalakay ng sanhi.

Mangyaring bumili ng kopya ng panghuling ulat online sa me.lacounty.gov o tawagan ang aming Records Section sa (323) 343-0695.

---

**Sertipiko ng Kamatayan:**

**Hindi kami nagbibigay ng mga sertipiko ng kamatayan.** Maaaring makuha ang mga sertipikadong kopya mula sa Vital Records:
- Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan: (213) 288-7816
- Registrar-Recorder: (800) 201-8999

Minsan, ang pagpapalabas ng panghuling sertipiko ng kamatayan ay maaaring maantala, o "ipagpaliban," habang naghihintay ng karagdagang pagsisiyasat, tulad ng pagsusuri ng mga medikal na talaan o ulat ng pulisya o habang naghihintay ng karagdagang forensic testing. Ang pag-aayos ng libing ay hindi kailangang maantala, at ang yumao ay maaaring ilibing o i-cremate pagkatapos ng pagsusuri, kahit na ang sanhi at paraan ng pagkamatay ay nakabinbin. Maaaring gabayan ka ng direktor ng punerarya sa mga pagsasaayos at mga tanong tungkol sa sertipiko ng kamatayan.

---

**Mga Beterano:**
Ang mga taong nagsilbi sa Sandatahang Lakas, marangal na pinaalis, at nakakatugon sa iba pang mga kinakailangan sa serbisyo ay maaaring may karapatan sa paglilibing ng isang beterano. Para sa impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa County ng Los Angeles Military and Veteran's Affairs Office sa (213) 765-9681. Para sa higit pang mga detalye sa mga beterano o mga benepisyo ng Social Security, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong direktor ng punerarya.

---

**Privacy ng Data at Pagpapalabas ng Impormasyon:**
Sa California, ang sanhi at paraan ng pagkamatay ng isang yumao, pati na rin ang ulat ng pagsusuri, ay itinuturing na pampublikong rekord (Government Code ng California, Section 7920) at maaaring makuha ng mga media outlet at ng publiko. Ang mga pampublikong talaan ay nagbibigay-daan para sa transparency sa pagpapanagot sa pamahalaan at iba pang mga ahensya at tumutulong sa pagtatakda ng priyoridad para sa mga komunidad. Ang mga larawan at contact details ng mga pinakamalapit na kamag-anak ay hindi kasama sa ulat.

---

**County Disposition (Cremation):**
Kung naaangkop, ire-refer ng Department of Medical Examiner ang mga kwalipikadong namatay sa programang County Disposition, at ang na-cremate na labi ay ipapadala sa Office of Decedent Affairs (ODA), na pinamamahalaan ng Department of Health Services ng LA County. Kung ang iyong mahal sa buhay ay ipinadala para sa County Disposition, mangyaring makipag-ugnayan sa ODA sa (323) 409-7161 para mag-iskedyul ng appointment para sa pag-pickup.

***Ang isang listahan ng mga abot-kaya, pribadong mortuary sa County ng Los Angeles ay maaaring ibigay ng Office of Decedent Affairs para tulungan ang mga pamilyang nangangailangan.***

---

DEPARTMENT OF MEDICAL EXAMINER
COUNTY OF LOS ANGELES